



BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Provincial Tuberculosis Services

Main Switchboard
TB Services Fax

604 707 2692
604 707 2690

www.bccdc.ca

ETHAMBUTOL ETHAMBUTOL

Ang Ethambutol ay isang antibiotic na ginagamit sa paggamot ng tuberculosis (TB), at paminsan-minsan, ibang mga may kinalamang impeksyon.

Kailan ko ito dapat inumin? (When should I take this?)

- Inumin ang gamot na ito sa parehong oras bawat araw. Makakatulong ito sa iyo na matandaang inumin ang gamot.

Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)

- Mahalagang-mahalagang inumin mo nang regular ang gamot na ito.
- Inumin ito tulad ng iniutos ng iyong doktor.

Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis? (What should I do if I miss a dose?)

- Kung nakaligtaan mo ang isang dosis, inumin ang dosis na iyon oras na natandaan mo. Pero kung halos panahon na para sa dosis ng sumusunod na araw, laktawan ang nakaligtaang dosis.
- **Huwag doblehin ang dosis.**

Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito? (Is there anything I should avoid when taking this?)

- Ang Ethambutol ay dapat inumin kahit man lamang **4 na oras bago o 4 na oras pagkatapos** ng sumusunod:
 - Antacids o mga suplementong may aluminum

Sabihin sa iyong doktor, nars, at parmasyotiko kung **umiinom ka ng anumang ibang mga gamot**, kabilang ang anumang mga produkto na nabibili nang walang reseta.

Ano ang ilan sa posibleng side effects o mga masasamang epekto? (What are some possible side effects?)

- Pagkasira ng tiyan, alibadbad, o pagsusuka

Mag-ingat (Caution): Tawagan kaagad ang iyong doktor o nars kung nakakaranas ka ng mga sumusunod na sintomas:

- Mga pagbabago o paglabo ng **paningin**
- Nahihirapang malaman ang pagkakaiba ng kulay pula at berde
- Singaw sa balat

Sabihin sa iyong doktor kung nakakaranas ka ng anumang mga 'di-karaniwang sintomas na hindi nabanggit sa papel na impormasyon na ito.

ETHAMBUTOL (pagpapatuloy) ETHAMBUTOL (cont'd)

Ano pa ang dapat kong malaman tungkol sa pag-inom ng Ethambutol? (What else do I need to know about taking Ethambutol?)

- Sabihin sa iyong doktor kung mayroon kang alinman sa **mga kondisyong** ito: problema o sakit sa mata, gout, sakit sa bato, sakit sa atay.
- Mahalagang magpunta ka sa lahat ng **mga lab at vision test** na iniutos ng iyong doktor at na puntahan mo ang lahat ng **mga appointment** sa iyong doktor o nars.
- Sabihin sa iyong doktor o nars kung ikaw ay **buntis**, nagplaplanong magbuntis, o kung nais mong **pasusuin** ang iyong sanggol.

Saan ko dapat itago ang gamot na ito? (Where should I store this medication?)

- Ilayô ito sa maaabot ng mga bata
- Protektahan ito mula sa liwanag
- Mga tabletas: Itago sa temperatura ng kuwarto sa isang malamig at tuyong lugar.
- Suspension: Itago sa temperatura ng kuwarto sa isang malamig at tuyong lugar. Alugin nang mabuti bago gamitin.

Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan? (Where do I call if I have any other questions?)

Ang iyong doktor, clinic, o Public Health Unit: _____

Vancouver TB Services Clinic:	604-707-2692
New Westminster TB Services Clinic:	604-707-2698
BCCDC Vaccine and Pharmacy Services:	604-707-2580